#  Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Sino ang kilala mo sa ating mga pambansang bayani? Ano ang kanilang ginawa para sa ating bansa?  Paano natin sila iginagalang at binibigyang-halaga? Paano natin sila ginugunita sa kasalukuyang panahon?

Ito ay ilan lamang sa mga katanungang mabibigyang-kasagutan sa modyul na ito. Dito ay malalaman mo ang mga naging kontribusyon ng ating mga pambansang bayani para sa kabutihan ng ating bayan.

Nahahati sa tatlong aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Jose Rizal: Ang Pambansang Bayani ng Pilipinas*

Aralin 2 – *Andres Bonifacio: Ama ng Himagsikan*

Aralin 3 – *Ang Iba pang Pambansang Bayani*

#  Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang  kaya mo nang:


- kilalanin ang mga bayani ng bansa;
- masabi kung ano ang kanilang naitulong para sa ating bayan; at
- makapagpakita ng paggalang at pagpapahalaga sa ating mga pambansang bayani.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang bahaging ito, narito ang isang simpleng pagsubok sa iyong kaalaman ukol sa paksang nabanggit.


Subukang tukuyin ang pangalan ng mga taong nakalarawan. Isulat ang kanilang mga pangalan sa espasyong nakalaan.



1. ____________________




2. ____________________



3. ____________________



4. ____________________




5. ____________________




6. ____________________



7. ____________________



8. ____________________



9. ____________________

Kumusta ang pagsusulit mo? Sa palagay mo ba'y tama ang mga sagot mo? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 40–41.

Kung tama lahat ang sagot mo, magaling! Ipinakikita lamang nito na marami ka nang nalalaman tungkol sa mga paksa sa modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ang modyul upang balik-aralan ang mga alam mo na. Sino ang makapagsasabi, maaaring may matutuhan kang bagong kaalaman mula rito.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Nangangahulugan itong para sa iyo ang modyul na ito. Makatutulong ito sa iyo upang maintindihan ang ilang mahahalagang konsepto na magagamit mo sa pang-araw-araw na buhay. Kung pag-aaralan mong mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang lahat ng sagot sa mga tanong sa pagsusulit at marami pang iba! Handa ka na ba?

Ilipat sa susunod na pahina para simulan ang Aralin 1.

## ARALIN 1


# Jose Rizal: Ang Pambansang Bayani ng Pilipinas

Tiyak kong kilala mo si Jose Rizal, ang ating Pambansang Bayani. Siya ay isang taong matalino, matapang, at makabayan. Alam mo ba ang kanyang mga natatanging nagawa? Tuklasin natin habang kinikilala natin siya sa araling ito.




## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Ang sumusunod na larawan ay nagpapakita ng mahahalagang pangyayari sa buhay ni Jose Rizal. Lagyan ng bilang ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang **1** para sa unang nangyari, **2** para sa pangalawa, **3** para sa pangatlo, at iba pa. Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng maliliit na kahon.




Si Rizal bilang sanggol





Si Rizal habang nagsusulat ng *Noli Me Tangere*





Si Rizal habang nagsusulat ng *El Filibusterismo*



Ang pagbaril kay Rizal



Si Rizal bilang isang 7-taong makata




Si Rizal habang nagsusulat ng *Mi Ultimo Adios*

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 40–41. Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Kung oo, magaling! Kung hindi naman, okey lang. Pag-aralan mo na lang nang mabuti ang araling ito upang marami ka pang malaman tungkol kay Rizal.

## Basahin Natin Ito

Alam mo ba kung kaninong bantayog ang nakatayo sa kalagitnaan ng Luneta Park? Tama ka! Ito ang bantayog ng ating pambansang bayani, si Dr. Jose Protacio Rizal. Nais mo ba siyang higit na makilala? Ano pa ang hinihintay mo? Magbasa ka na!



Si Jose Protacio Rizal ay ipinanganak noong ika-19 ng Hunyo, 1861 sa Calamba, Laguna. Siya ay mula sa isang mayamang pamilya. Ang kanyang ama ay isang may-ari ng lupain at manananim ng tubo. Ang kanyang ina naman ay namamahala ng isang maliit na negosyo.

Si Rizal ay isang matalinong bata. Hindi pa man siya pumapasok sa paaralan ay marunong na siyang magbasa. Pagkaraan ng dalawang linggo, siya ay pinayagan nang maglagi sa bahay at doon mag-aral sapagkat alam na niyang lahat ang mga ituturo ng kanyang guro. Si Rizal ay sensitibo at palamasid. Kahit sa kanyang batang gulang, alam na niya ang mga paghihirap ng Pilipino sa kamay ng mga prayleng Kastila.

## Subukan Natin Ito

Bago natin ipagpatuloy ang ating aralin, gawin muna ang simpleng pagsasanay na ito.


Ipikit ang iyong mga mata at isipin na ikaw si Jose Rizal noong siya ay pitong taong gulang. Nakikita mo ang isang Pilipino na hinihiya ng isang prayleng Kastila. Ano ang iyong mararamdaman? Ano ang iyong gagawin? Idilat na ang iyong mga mata at isulat ang iyong sagot sa espasyong nakalaan.

Tapos ka na bang sumagot? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.

## Basahin Natin Ito

Ipagpatuloy natin ang ating aralin.

Bilang isang mag-aaral, si Rizal ay napakasipag. Ang kanyang katalinuhan at natatanging kakayahan sa sining ay nagsimulang mahubog. Nag-aral siya sa Ateneo Municipal sa Intramuros. Noong siya'y makatapos, nag-aral naman siya sa Unibersidad ng Santo Tomas kung saan siya ay nagwagi sa iba't ibang paligsahan sa literatura.



Nagtungo si Rizal sa Espanya noong 1882 sapagkat batid niya na upang magkaroon ng katuparan ang kanyang layunin para sa bayan, kailangan niyang mangibang-bansa upang muling mag-aral. Maging noong unang taon pa lamang niya sa Espanya, batid na ni Rizal na ang kaaway ng Pilipinas ay hindi ang Espanya o ang Relihiyon, kundi ang mga prayleng Kastila na nagtuturing sa mga Pilipino bilang mga mababang Indiyo.

Batid ni Rizal na sa pamamagitan ng pagkilos niya nang maayos at may dignidad, kikilalanin ng mga Kastila ang mga Pilipino bilang kanilang kauri. Dahilan sa kanyang tiyaga at pagpupunyagi, naging isa siya sa pinakamahuhusay na mag-aaral ng kanyang pamantasan. Hindi lang siya itinuring bilang isang kauri ng mga Espanyol; siya ay kanila ring iginalang at hinangaan.



## Pag-isipan Natin Ito

Mula sa iyong nabasa, ano ang mga katangian ni Rizal kaya siya naging isang mahusay na mag-aaral? Anu-ano ang iba pang mga katangian ni Rizal na naging dahilan upang siya ay maging isang kahanga-hangang tao? Isulat ang iyong mga kasagutan sa ibaba.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 41.



## Magbalik-aral Tayo

Sagutan ang mga katanungan sa ibaba.

1. Saan isinilang si Jose Rizal? ______________________________

2. Nagmula ba siya sa isang mahirap na pamilya?
   ____________________________________________________

3. Bakit pumunta sa Espanya si Rizal?

________________________________________________________

4. Itinuring ba siya bilang kauri ng mga Kastila?


________________________________________________________

________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 42.

Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Kung oo, mahusay! nangangahulugan lamang na bibibigyang-pansin mo ang araling ito. Kung hindi naman, huwag mabahala. Sikapin mong mas magtuon ng pansin habang nagpapatuloy tayo sa araling ito.

## Basahin Natin Ito




Dalawang taon mula nang dumating siya sa Espanya, sinimulan ni Jose Rizal ang pagsusulat ng *Noli Me Tangere*. Ang nobelang ito ay nakahanda nang ilathala noong Pebrero 1887. Ang *Noli* ay isang tagumpay para sa Pilipinas at maging sa Espanya, subalit itinuring ito ng mga prayleng Kastila bilang isang atake sa relihiyon at sa pamahalaang kolonyal ng mga Kastila.

Makaraan ang limang taon sa Europa, bumalik si Rizal sa Pilipinas bilang isang lingguwista at isang mahusay na maninistis (surgeon) sa mata. Subalit sa paningin ng mga prayle, si Rizal ay bumabalik sa Pilipinas bilang isang filibustero (subersibo) at isang panggulo sa katiwasayan ng publiko.

Ninais ng Arsobispo ng Maynila na agarang ipagbawal ang *Noli Me Tangere*. Ang nobela ay nabasa ni Gobernador Heneral Terrero at isinangguni ito sa Komisyon ng Sensura. Ang komisyon ay binubuo ng mga paring inatasang magbantay kay Rizal sa Calamba.



## Subukan Natin Ito

Lagyan ng bilang mula 1 hanggang 5 nang naayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

___a. Binasa ni Gobernador Heneral Terrero ang nobela ni Rizal.

___b. Bumalik si Rizal sa Pilipinas bilang isang lingguwista at isang maninistis sa mata.

___c. Ang *Noli Me Tangere* ay inilathala.

___d. Sinimulan ni Rizal ang pagsusulat ng *Noli Me Tangere*.

___e. Ang *Noli Me Tangere* ay isinangguni sa Komisyon ng Sensura.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.




## Pag-isipan Natin Ito

Isiping ikaw si Jose Rizal at ang *Noli Me Tangere* ay nailathala na. Galit na galit ang mga prayleng Kastila at gagawin nila ang lahat upang maparusahan ka. Babalik ka pa ba sa Pilipinas kahit na alam mong malalagay sa panganib ang iyong buhay? Maaari mong isulat ang iyong kasagutan sa espasyong nakalaan sa ibaba.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.



## Alamin Natin

Alam mo ba na mahabang panahon pa bago dumating sa Pilipinas ang mga Amerikano ay batid na ni Rizal na sasakupin nila tayo? Totoo ito. Sa isang panulat ni Rizal na pinamagatang “Filipinas Dentro de Cien Años (Ang Pilipinas Isang Daang Taon Mula Ngayon),” buong kapahamang hinulaan niya ang pag-okupa ng Amerika sa Asya. Ang artikulong ito ay nalathala sa *La Solidaridad* noong 1889.



## Basahin Natin Ito

Ang ikalawang aklat ni Rizal na *El Filibusterismo* ay inihandog niya sa tatlong Pilipinong pari na ginarote noong 1878. Noong ilathala ang nobelang ito, ginusto ng mga opisyal at prayleng Kastila na hulihin siya at ipapatay. Bagaman at alam ito ni Rizal, bumalik pa rin siya sa Pilipnas sa kabila ng panganib sa kanyang buhay. Marubdob ang kanyang paniniwala na ang mga Pilipino sa ibang bansa, maliban sa mga mag-aaral at iskolar, ay kailangang umuwi upang higit na makapaglingkod sa bayan.

Si Rizal ay inaresto sa Malacañang noong 1892. Ang dahilan ng paghuli sa kanya - ang pagkakaroon ng mga papeles na laban sa mga pari - na halatang itinanim ng mga ahente ng mga prayle sa kanyang mga bagahe habang siya ay nakatigil sa isang hotel. Dahil dito, si Rizal ay ipinatapon sa Dapitan.

Ang apat na taon ay makabuluhang ginugol ni Rizal sa Dapitan. Gumawa siya ng iba’t ibang bagay na makatutulong sa kaunlaran ng bayang ito. Nagsilbi siya bilang doktor ng mga mayaman at mahirap, naging magsasaka at mangangalakal, nagtayo ng paaralan para sa mga kabataang lalaki, naghikayat para sa mga proyektong pampubliko, at gumawa ng iba pang mga bagay na makatutulong sa pag-unlad ng kabuhayan ng kanyang mga kababayan.



# Subukan Natin Ito

Anu-ano ang iba't ibang katangian ni Doktor Jose Rizal na naging dahilan upang siya ay tanghaling pambansang bayani? Piliin mula sa talaan sa ibaba at isulat sa loob ng kahon. Upang matulungan ka sa pag-unawa sa kahulugan ng mga salita, gumamit ka ng diksiyunaryo. Maaari ka ring tumingin sa *Talahuluganan* sa pp. 49–51.


- makabayan
- matapang
- tiwali
- sakim
- matulungin
- matiyaga
- mayabang
- masipag
- matalino
- marangal

Tapos ka na ba sa pagsagot? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 42.

## Basahin Natin Ito

Ipagpatuloy natin ang pag-aaral tungkol sa mahahalagang pangyayari sa buhay ni Rizal.


Kahit na siya'y nasa malayong Dapitan, si Rizal ay pinagbintangang nagsimula ng rebolusyon na ilang buwan nang nagaganap. Siya ay tinukoy ng mga opisyal na Kastila bilang "pinunong taga-organisa at buhay na diwa ng insureksiyon."



Noong Nobyembre 3, 1896, dinala si Rizal sa Fort Santiago upang maghintay sa kanyang paglilitis. Ang nabanggit na paglilitis ay bilang pormalidad lamang. Bago pa siya dinala sa Dapitan, si Rizal ay nahatulan nang mamatay.

Si Jose Rizal ay handa sa kamatayan. Noong siya ay maliit pang bata, isinalaysay sa kanya ng kanyang ina ang kuwento ng isang gamu-gamo na naghanap ng liwanag at nasunog sa kanyang kamatayan. Magmula noon, ipinangako niya sa kanyang sarili ang isang maluwalhating kamatayan; isang kamatayang hindi makakalimutan ng kanyang mga kababayan. Para kay Jose Rizal, wala nang luluwahalti pa sa kamatayan para sa sariling bansa.

Noong umaga ng Disyembre 30, 1896, inilabas si Rizal mula sa kanyang selda at dinala sa Bagumbayan (Luneta) upang patayin. Siya ay binaril ng *firing squad* at sa kanyang huling hininga, binanggit niya ang mga katagang "*Consummatum est*" (Naganap na ang lahat!). Para sa matapang at makabayang bayani, ang kanyang misyon para sa bansa ay natupad na.



## Alamin Natin

Noong  hapon ng Disyembre 29, 1986, isang araw bago ang pagpatay kay Rizal,  ang kanyang nagdadalamhating ina at mga kapatid na babae ay dumalaw upang magpaalam.  Lihim niyang kinausap ang isa niyang kapatid at sinabing mayroon siyang bagay na itinago sa loob ng ilawang kanyang ginamit sa loob ng kulungan.  Ang ilawan, kasama ng mga iba pang mga personal na gamit,  ay ipadadala sa kanyang pamilya kapag siya ay patay na.  Ang bagay na iyon ay isang pirasong papel kung saan nakasulat ang magandang tulang *Mi Ultimo Adios* (Ang Huling Paalam).  Ang tulang ito ay naging tanyag.  Isinasaad nito ang dakilang pag-ibig ni Rizal para sa kanyang bansa.



## Subukan Natin Ito

Narito ang ilang mahihirap na salita at katagang maaari mong makasalamuha sa araling ito. Tingnan mo ang kanilang kahulugan sa *Talahuluganan* sa pp. 49–51.

1. prayle
2. katalinuhan
3. matiyaga
4. mala-iskolar
5. pampanitikan
6. maliwanagan
7. maninistis ng mata
8. sakupin
9. okaswelta o kontra paring pamaskil
10. pagpapakana
11. paghihimagsik
12. pagtataksil sa bayan
13. *Consummatum est*

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago  ka matapos sa araling ito, pakisagutan  ang simpleng pagsubok upang malaman kung gaano ang iyong natutunan.

Punan ang mga patlang ng mga tamang kasagutan.

1. Ang pambansang bayani ng Pilipinas ay si ___________.
2. Siya ay ipinanganak sa ___________, Laguna.
3. Si Rizal ay marunong nang ___________ kahit bago pa man siya pumasok sa paaralan.

4. Maging sa batang gulang, alam na ni Rizal ang mga paghihirap ng mga Pilipino sa kamay ng mga _________.

5. Dalawang taon pagkarating sa Espanya, si Rizal ay nagsimula nang magsulat ng kanyang nobelang __________.

6. Sa paningin ng mga prayleng Kastila, si Rizal ay bumalik bilang isang ___________.

7. Siya ay dinakip dahilan sa pagkakaroon ng ___________ pamaskil sa kanyang bagahe.

8. Kahit na siya ay nasa malayong Dapitan, si Rizal ay inakusahan ng pagpapakana ng ___________ na ilang buwan nang nagaganap.

9. Si Rizal ay binaril noong __________ sa Bagumbayan (Luneta).

10. Para sa ating bayani, wala nang luluwalhati pa kundi ang mamatay para sa __________.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 43.

Gaano ka kahusay? Kung tama lahat ang iyong sagot, binabati kita! Ikaw ay handang-handa na para sa susunod na aralin.

Kung mayroon kang 8 o 9 na tamang sagot, magaling! Kailangan mo lang magbalik-aral sa mga katanungang hindi mo nasagot nang wasto.

Subalit kung ang nakuha mong puntos ay 7 o mababa pa rito, kailangan mong pag-aralang muli ang aralin upang higit mo itong maunawaan.

## Tandaan Natin

Si Jose Rizal ang pambansang bayani ng Pilipinas sapagkat isinakripisyo niya ang maraming bagay, kasama na ang kanyang sariling buhay, para sa ating bansa. Sa pamamagitan ng kanyang mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, inilantad niya ang pang-aabuso ng mga prayleng Kastila sa mga Pilipino.

Dahilan sa kanyang pagsisikap na makatulong sa kanyang mga kababayan, si Rizal ay inakusahan at nilitis sa kasong pagtataksil sa bansang Espanya kahit na hindi siya kasangkot sa rebolusyon. Si Rizal ay handang mamatay sapagkat para sa kanya, ito ang katuparan ng kanyang misyon para sa Inang Bayan.

Lagi nating alalahanin ang mga sakripisyo ng ating pambansang bayani hindi lamang sa pamamagitan ng pagbibigay-parangal sa kanya tuwing ika-30 ng Disyembre (anibersaryo ng kanyang kamatayan), ngunit sa pamamagitan din ng pagpapanatili sa ningas ng nasyonalismo na nag-aalab sa ating puso.

# ARALIN 2


# Andres Bonifacio: Ama ng Himagsikang Pilipino

Alam mo ba kung ano ang KKK o Katipunan? Sino ang nagtatag ng samahang ito? Sa paanong paraan siya nakatulong sa pagkamit ng kalayaan ng Pilipinas? Alamin natin  ang mga kasagutan sa araling ito.




## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Ang mga larawan sa ibaba ay nagpapakita ng ilang mahahalagang pangyayari sa buhay ni Andres Bonifacio. Lagyan ito ng bilang nang naaayon sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Isulat ang **1** para sa naunang pangyayari, **2** para sa ikalawa, **3** para sa ikatlo, at iba pa. Isulat ang iyong sagot sa loob ng maliliit na kahon.



Ikinasal sina Bonifacio at Gregoria




Ang pagpatay kay Bonifacio




Pinunit ng mga Katipunero ang kanilang sedula




Ang kasunduang nilagdaan ng dugo.



Ang pakikipaglaban ng mga Katipunero sa mga Kastila



Si Bonifacio bilang sanggol

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 43–44.

Gaano ka kahusay? Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, binabati kita! Kung hindi naman, huwag mabahala. Kailangan mo lang pag-aralang mabuti ang araling ito upang madagdagan ang iyong kaalaman tungkol sa Ama ng Himagsikang Pilipino.

## Basahin Natin Ito

Si Andres Bonifacio ay ipinanganak noong Nobyembre 30, 1863 sa Tondo, Manila. Tatlo ang kapatid niyang lalaki at dalawa naman ang kapatid niyang babae. Subalit di gaya ni Rizal, si Bonifacio ay mula sa isang dukhang angkan. Ang kanyang ama ay isang estibador (kargador) sa pondohan ng Binondo at ang kanyang ina ay nagtrabaho sa isang pagawaan ng sigarilyo sa Meisic, na mas kilala ngayon bilang Chinatown. Kailangan nilang maghanapbuhay nang puspusan upang matugunan ang pangangailangan sa salapi ng pamilya.

Noong si Bonifacio ay 18 taong gulang na, namatay ang kanyang ina. Makaraan lang ang isang taon, pumanaw na rin ang kanyang ama. Bilang panganay sa magkakapatid, huminto sa pag-aaral si Bonifacio upang tustusan ang kanyang mga kapatid.

## Magbalik-aral Tayo

1. Kailan ipinanganak si Andres Bonifacio?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Mula ba siya sa isang mayamang pamilya?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Ano ang hanapbuhay ng kanyang mga magulang?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Ano ang ginawa niya pagkaraang mamatay ang kanyang mga magulang?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 44.

Gaano ka kahusay? Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, magaling! Kung meron kang mali, huwag mabahala. Maging mas masigasig lamang sa pagpapatuloy ng araling ito.

## Basahin Natin Ito

Si Bonifacio ay hindi nakatapos ng mataas na paaralan subalit siya ay listo at matalino. Nagbasa siya ng mga banyagang nobela at aklat tungkol sa himagsikan sa Pransiya, pulitika, batas, at relihiyon. Nakakuha siya ng kaalaman tungkol sa mga karapatang pantao at ang kahalagahan ng kalayaan at kasarinlan.



Tulad ni Rizal, alam niya ang mga kasamaan ng mga opisyal at prayleng Kastila. Nagsimula siyang mangarap ng mas mabuting buhay para sa kanyang mga kababayan. Nang itatag ni Rizal ang samahang *La Liga Filipina*, si Bonifacio ay isa sa mga unang

kasapi. Karamihan sa mga kaanib sa organisasyong ito ay mula sa gitnang uri (middle class) na nagnanais na ang Pilipinas ay maging isang lalawigan ng Espanya. Kahit na ninanais ni Bonifacio ang ganap na paghihiwalay ng Pilipinas at Espanya, siya ay naging masigasig sa pagpapakalat ng mga doktrina ng samahan na ukol sa pagkakawanggawa at kapatiran. Hinangaan niya nang lubos si Jose Rizal.

## Pag-isipan Natin Ito

Si Bonifacio ay mula sa isang maralita at abang pamilya, subalit marami siyang malalaking pangarap para sa kanyang bansa. Ginusto niyang tumulong upang magkaroon ng mas mabuting buhay ang kanyang mga kababayan. Sa iyong palagay, kaya ba niya itong gawin kahit na siya'y hikahos sa pananalapi? Bakit o bakit hindi?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Ipagpatuloy ang pagbabasa ng aralin upang malaman mo ang mga tamang kasagutan sa katanungang nakasaad sa itaas.

## Basahin Natin Ito

Kahit ang *La Liga Filipina* ay isang mapayapang samahan na hindi naniniwala sa karahasan, pinaniwalaan ng pamahalaang Kastila na ito ay mapanganib. Si Rizal ay agarang inaresto at ipinatapon sa Dapitan. Napagtanto ni Bonifacio na kailangan nang gumawa ng marahas na hakbang sapagkat ang pamahalaang Kastila ay hindi kailanman magbibigay-daan para sa isang mapayapang pagbabago.




Noong gabing nalaman niya ang tungkol sa pagpapatapon kay Rizal, lihim siyang nakipagtagpo sa dalawa niyang kaibigan – sina Ladislao Diwa at Teodoro

Plata. Binuo ni Bonifacio ang unang trayanggulo ng lihim na samahang himagsikan na tinawag nilang *K.K.K. o Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan,* o mas lalong kilala bilang *Katipunan.* Ang mga sumapi sa Katipunan ay lumagda sa isang kasunduang pinirmahan ng kanilang sariling dugo (Blood Compact) bilang pagpapakita ng kanilang katapatan at pagnanais na lumaban sa mga Kastila. Bilang pinuno ng pangkat, si Bonifacio ay tinawag na *Supremo*.



## Pag-isipan Natin Ito

Isipin mong bumalik ka sa dekadang 1890. Sa panahong ito, ang Katipunan ay nangangalap ng mga miyembro. Nilapitan ka ng isang katipunero at inalok kang sumapi. Alam mong malalagay sa panganib ang iyong buhay kung ikaw ay sasali. Mangangahulugan din ito ng malaking sakripisyo sa iyong sarili.

Ano ang iyong gagawin? Sasapi ka pa ba kahit na alam mong malalagay sa panganib ang iyong buhay? Bakit o bakit hindi?


____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 44.



## Alamin Natin

Ipagpatuloy natin ang pagbabasa tungkol sa Katipunan ni Bonifacio.


Di tulad ng *La Liga Filipina*, karamihan sa mga miyembro ng *Katipunan* ay mga maralitang Pilipino, tulad ng mga magsasaka, mangingisda, manggagawa, at iba pa. Kakaunti lamang ang mga kasaping galing sa gitnang uri tulad nina Dr. Pio Valenzuela at Mariano Alvarez.

## Basahin Natin Ito

Ating ipagpatuloy ang pagbabasa tungkol sa Katipunan ni Bonifacio.

Nang matuklasan ang Katipunan, maraming Pilipino ang hinuli at pinatay ng pulisyang Kastila. Si Bonifacio at ang kanyang maybahay ay napilitang magtago. Ang Katipunan ay hindi pa handa sa isang rebolusyon subalit nalalaman ni Bonifacio na dumating na ang panahon upang labanan ang mga kaaway. Noong Agosto 23, 1896, nakipagkita ang Supremo sa iba pang mga pinuno ng Katipunan sa Pugadlawin. Pinunit nila ang kanilang cedula o sertipiko ng buwis sa paninirahan at nangakong lalabanan ang mga mapang-api hanggang sa kanilang kamatayan.

Mayroong dalawang magkalabang konseho sa Katipunan – ang Magdalo, kung saan miyembro si Emilio Aguinaldo; at ang Magdiwang, na pinamumunuan ni Mariano Alvarez, isang kamag-anak ng asawa ni Bonifacio. Matagumpay na natalo nina Aguinaldo at ng konseho ng Magdalo ang mga Kastila sa kanilang lalawigan. Sa kabilang panig, sina Bonifacio ay nakaranas ng ilang pagkagapi.




Si Aguinaldo at ang kapulungang Magdalo ay naniniwala na nangangailangang bumuo ng isang bagong uri ng pamahalaan. Subalit si Bonifacio at ang konseho ng Magdiwang ay naniniwala na ang kasalukuyang pamahalaan ng Katipunan ay mayroon pang kapakinabangan at dapat panatilihin. Sina Bonifacio at Aguinaldo ay magkaiba sa kanilang pampulitikang kaisipan. Nagbunga ito ng hindi pagkakaunawaan ng dalawang pinunong naghihimagsik. Lalong lumakas ang pagkakaribalan ng dalawang kapulungan.



## Pag-isipan Natin Ito

Ano kaya ang sumunod na pangyayari? Sa iyong palagay, ang pagkakaribalan ba ng Magdalo at Magdiwang ay nakaimpluwensiya sa mga tagumpay ng Katipunan laban sa mga Kastila? Maaari mong isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo.

Magpatuloy sa pagbabasa upang malaman kung tama ang iyong kasagutan.



## Alamin Natin

Dahilan sa pagkakaribalan sa pagitan ng Magdalo at Magdiwang, ang mga Katipunero ay nagsimulang makaranas ng pagkatalo sa kamay ng mga Kastila. Ang mga sundalong Magdalo ay hindi tumutulong sa kabilang konseho kapag ang kanilang teritoryo ay nilulusob ng mga Kastila. Bilang ganti, ang mga rebeldeng Magdiwang ay hindi rin tumutulong kapag ang kanila namang mga bayan ang inaatake ng mga Kastila.

Ang galit sa pagitan nina Bonifacio at Aguinaldo ay lalong lumala pagkatapos ng Kombensiyon sa Tejeros. Si Aguinaldo ay nahalal na pangulo samantalang nahalal namang Direktor na Panloob si Bonifacio. Isang rebeldeng Magdalo ang nag-usisa tungkol sa kakayahan ng Supremo na humawak ng posisyon. Nagalit at nasaktan si Bonifacio sa tangkang pang-iinsulto at tumanggi siyang kilalanin ang Kombensiyon. Kinabukasan, si Aguinaldo at iba pang nahalal na pinuno ay nanumpa sa tungkulin.


## Pag-isipan Natin Ito

Ilarawan mo sa iyong isip ang pagkakaribalan nina Bonifacio at Aguinaldo. Nakikita mo ba ang pagkakahati ng mga grupo sa loob ng Katipunan? Sa iyong palagay, may kahalintulad bang pagkakaribalan at pagkakahati na nangyayari sa ating lipunan ngayon? Magbigay ng halimbawa.

Sumangguni sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45 para sa halimbawang sagot na panggabay sa iyo.

## Alamin Natin

Si Bonifacio at  ang kanyang mga tapat na tagasunod ay muling nagkita sa Tejeros at humalaw ng *Acta de Tejeros* (Pasya ng Tejeros) kung saan kanilang inilahad ang mga dahilan kung bakit hindi nila tinanggap ang resulta ng Kombensiyon ng Tejeros. Nagtatag sila ng isang pamahalaang malaya at hiwalay sa naunang kombensiyon.



Hindi kinilala ni Bonifacio ang pamahalaan ni Aguinaldo. Dahil dito, siya ay dinakip ng mga tauhan ni Aguinaldo. Siya ay pinagbintangan ng pagtataksil at pagsisikap na mapatalsik ang bagong pangulo. Hindi binigyan ng makatarungang paglilitis si Bonifacio. Isang huwad na saksi ang sumumpang siya ay binayaran ng Supremo ng sampung piso upang patayin si Aguinaldo. Si Bonifacio at ang kanyang kapatid ay nahatulan ng kamatayan.

Isang pangkat ng mga sundalo ang nagdala sa Supremo at sa kanyang kapatid sa Bundok Nagpatong, malapit sa Bundok Buntis. Sa utos ni Heneral Noriel, ang magkapatid na Bonifacio ay binaril hanggang sa mamatay. Si Bonifacio ay 34 na taong gulang lamang.



## Pag-isipan Natin Ito

Maliban sa kanilang pampulitikang ideya, sina Bonifacio at Aguinaldo ay magkaiba rin ng kalagayan sa lipunan. Si Aguinaldo ay mula sa isang mayamang pamilya samantalang si Bonifacio ay nagmula sa isang mahirap na angkan. Sa iyong palagay, ito ba ay nakaragdag sa kanilang pagkakaribal at kaibahan ng opinyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________



## Subukan Natin Ito

Narito ang ilang salitang maaring naging mahirap unawain sa araling ito. Tingnan ang kanilang kahulugan sa diksyunaryo o sa *Talahuluganan* sa pp. 49–51.

1. destiyero
2. marahas
3. reporma
4. mapang-api
5. pagkakaribalan
6. hidwaan
7. poot
8. asasenasyon

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago mo matapos pag-aralan ang araling ito, sagutan ang simpleng pagsubok upang malaman kung gaano ang iyong natutunan. Maaari kang sumangguni sa mga pagtatalakay sa aralin upang makatulong.

Punan ang mga patlang ng tamang kasagutan.

1. Ang Ama ng Himagsikang Pilipino ay si ________________.
2. Siya ay ipinanganak noong _______________ sa Tutuban, Tondo, Maynila.
3. Ang kanyang ina ay namatay noong siya ay ______________ taong gulang.
4. Hindi siya nakatapos ng mataas na paaralan subalit siya ay ________________.

5. Siya ay sumapi sa _____________, isang samahang itinatag ni Dr. Jose Rizal.

6. Noong si Rizal ay itinapon sa Dapitan, nagtatag si Bonifacio ng isang lihim na samahang panghimagsikan na tinawag na _____________ o K.K.K.

7. Noong Agosto 23, 1896, nakipagkita si Bonifacio sa ibang pinuno ng Katipunan sa Pugadlawin at pinunit ang kanilang _____________.

8. Mayroong dalawang magkaribal na konseho ng Katipunan, ang Magdalo at _____________.

9. Sa _____________ Kombensiyon, ang alitan nina Bonifacio at Aguinaldo ay lalong lumubha.

10. Nang si Bonifacio ay tumangging kilalanin ang pamahalaan ni Aguinaldo, siya ay hinuli, nilitis, at pinatay kasama ang kanyang _____________.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45. Gaano ka kahusay? Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung wala kang mali, binabati kita! Ikaw ay handang-handa na para sa susunod na aralin.

Kung 8 o 9 ang nakuha mong puntos, magaling! Kailangan mo lang magbalik-aral sa mga katanungang hindi mo nasagot nang tama.

Subalit kung ang nakuha mong puntos ay 7 o mababa pa rito, kailangan mong pag-aralang muli ang aralin upang higit mo itong maunawaan.

## Tandaan Natin

Si Andres Bonifacio ang Ama ng Himagsikang Pilipino sapagkat siya ang nagtatag ng Katipunan. Ang samahang ito ang tanging instrumento ng paghihimagsik laban sa mga Kastila. Ang kanyang pagiging mahirap ay hindi naging hadlang kay Bonifacio upang magsikap na makamit ang kanyang mga pangarap para sa kanyang minamahal na bansa.

Isang makabayan at matapang na pinuno, si Bonifacio ay nagbigay-inspirasyon sa maraming kababayan, pati na iyong mula sa gitnang uri. Natamo niya ang paggalang ng kanyang mga kababayan sapagkat hindi siya sumuko sa pakikipaglaban sa kabila ng mga pagkatalo at mga pagsubok na naranasan ng Katipunan.

Si Bonifacio ay hindi namatay sa kamay ng mga mapang-aping dayuhan. Nakalulungkot isipin na siya ay namatay sa kamay ng kanyang mga kababayan. Maaaring siya ay namatay bilang isang taksil sa pamahalaang Aguinaldo, subalit si Bonifacio ay nanatiling isang bayani sa puso ng maraming Pilipino. Parangalan natin siya hindi lamang sa pamamagitan ng paggunita sa kanyang kadakilaan tuwing Nobyembre 30 (Araw ni Bonifacio) kundi sa pamamagitan ng pagmamahal at pagpapahalaga sa kalayaan at kasarinlan.

Maaari ka nang magtungo sa susunod na pahina para sa Aralin 3.

# ARALIN 3

# Ang Iba Pang mga Pambansang Bayani

Kilala mo ba ang iba pang pambansang bayani maliban kina Jose Rizal at Andres Bonifacio? Alam mo ba ang mahahalagang bagay na kanilang nagawa para sa ating bansa? Ang araling ito ay makatutulong upang makilala mo ang iba pa nating pambansang bayani.



## Subukan Natin Ito

Bago natin simulang pag-aralan ang araling ito, subukan mong sagutan itong simpleng pagsasanay. Ibagay ang Hanay A sa mga titulo sa Hanay B. Lagyan ng guhit upang pagdugtungin ang magkabagay sa pareha.

| A | B |
|---|---|
| Melchora Aquino | Utak ng Katipunan |
| Apolinario Mabini | Tagapagtatag ng *La Solidaridad* |
| Emilio Jacinto | Ina ng Himagsikang Pilipino |
| Graciano Lopez Jaena | Ang Dakilang Paralitiko |
| Gregorio del Pilar | Ang Pinakadakilang Heneral ng Himagsikan |
| Antonio Luna | Ang Unang Pangulo ng Republika ng Pilipinas |
| Emilio Aguinaldo | Ang Bayani ng Labanan sa Landas ng Tirad |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 45.

Gaano ka kahusay? Tama bang lahat ang iyong mga sagot? Kung oo, magaling! Kung mayroon kang maling sagot, huwag mabahala. Pag-aralan mo lang mabuti ang Aralin upang higit mo itong maunawaan.

# Basahin Natin Ito

Basahin ang mga talata sa ibaba tungkol sa dalawang dakilang bayani, sina Melchora Aquino at Apolinario Mabini.





Ang Ina ng Himagsikang Pilipino

Si Melchora Aquino, higit na kilala bilang si Tandang Sora, ay ipinanganak noong Enero 6, 1812 sa Banlat, siyudad ng Kalookan. Nang si Bonifacio ay maghayag ng digmaan laban sa mga Kastila noong 1896, si Tandang Sora ay tumulong sa mga mahina at nasugatang katipunero. Binigyan niya ang mga ito ng gamot, pagkain, at iba pang pangangailangan. Ang kanyang tindahan ng sari-sari ay naging kanlungan ng mga rebelde. Ang mga lihim na pagpupulong ng Katipunan ay ginanap sa kanyang tahanan sa Balintawak.

Nang malaman ng mga Kastila ang kanyang pagkakasangkot sa rebolusyon, siya ay ipinatapon sa Marianas kasama ng 171 pang mga Pilipino. Siya ay bumalik sa Pilipinas noong panahon ng mga Amerikano. Siya ay namatay noong Marso 2, 1919 sa gulang na 107.





Ang Dakilang Paralitiko

Si Apolinario Mabini ay ipinanganak noong Hulyo 23, 1864, sa Talaga, Tanauan, Batangas. Maging sa kanyang kabataan, si Mabini ay nagsumikap laban sa kahirapan at pagkakasakit. Nangarap siyang maging pari subalit nagbago ang

kanyang isip at sa halip, siya ay naging isang abogado. Isang matalino at makabayang lalaki, siya ay sumapi sa *La Liga Filipina* noong 1892. Kahit na siya ay naging isang paralitiko, noong 1896, hindi ito naging hadlang upang magsilbi siya sa ating bayan. Siya ay nagsilbi bilang kalihim ng Ugnayang Panlabas at naging pangulo ng gabinete sa Pamahalaan ni Aguinaldo. Dinakip siya ng mga puwersang Amerikano noong Disyembre 1899 at ipinatapon siya sa Guam. Namatay siya sa sakit na kolera noong Mayo 13, 1903, sa Maynila.



## Subukan Natin Ito

Bago natin ipagpatuloy ang ating aralin, subukan nating gawin ang payak na gawain tungkol sa ating nabasa. Ilagay ang sumusunod na parirala sa angkop na kahon:

1. Ina ng Katipunan
2. Isinilang sa Talaga, Tanauan, Batangas
3. Dakilang Lumpo
4. Sumapi sa La Liga Filipina noong 1892
5. Namatay noong Marso 2, 1919
6. Tumulong sa mahihina at sugatang Katipunero
7. Nagsikap laban sa kahirapan at pagkakasakit
8. Namatay sa gulang na 107
9. Pangulo ng gabinete ng pamahalaang Aguinaldo
10. Namatay sa sakit na kolera


| **Melchora Aquino** | **Apolinario Mabini** |
|---|---|
| | |

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46.

Gaano ka kahusay? Tama bang lahat ang iyong sagot? Kung oo, magaling! Kung meron kang mali, huwag mabahala. Maging mas masigasig lamang sa pagpapatuloy ng araling ito.

## Basahin Natin Ito

Alam mo bang ang ilan sa ating mga bayani ay napakabata pa noong gumawa sila ng mahahalagang bagay para sa ating bansa? Mababasa mo sa ibaba ang tungkol sa ganitong bayani, si Emilio Jacinto. Alam mo rin ba na marami tayong mga bayani na hindi nagmula sa Luzon? Pag-aralan ang tungkol kay Graciano Lopez Jaena na mula sa Iloilo, sa pamamagitan ng pagbasa sa maikling artikulo sa ibaba.



Ang Utak ng Katipunan

Si Emilio Jacinto ay isinilang noong Disyembre 15, 1875 sa Trozo, Maynila. Siya ay sumapi sa Katipunan noong 1894. Kahit na siya'y labinsiyam na taong gulang lamang, si Emilio Jacinto ay nagsilbi bilang isang mapagkakatiwalaang kaibigan at tagapayo ng Supremo. Siya ang sumulat ng *Kartilya ng Katipunan*, ang katon na nagsasaad ng mga doktrina ng Katipunan.

Si Jacinto ang patnugot ng pahayagan ng Samahan, ang *Kalayaan*. Siya rin ang namamahala sa paggawa ng mga pulbura ng baril na ginagamit laban sa mga Kastila. Namatay siya sa sakit na malaria noong Abril 16, 1899. Siya ay 23 taong gulang. Dahilan sa marami at mahahalaga niyang kontribusyon bilang isang Katipunero, tinawag siyang "Utak ng Katipunan."


Ang nagtatag ng La Solidaridad

Si Graciano Lopez Jaena ay ipinanganak noong Disyembre 18, 1856, sa Jaro, Iloilo. Ang kanyang mga magulang ay maralita ngunit relihiyoso. Nais ng kanyang ina na siya ay maging pari subalit pinili niyang maging manggagamot. Nagbigay siya ng libreng serbisyo sa mahihirap at ito ang naglapit sa kanya sa puso ng mga tao.

Batid ni Jaena ang labis na pang-aabusong ipinapataw ng mga Kastila sa mga Pilipino. Noong 1874, sinulat niya ang satirikong *Fray Botod*, kung saan inilantad niya ang kasamaan ng mga prayle. Itinatag niya ang pahayagan ng kilusang propaganda, ang *La Solidaridad*, at nagtrabahong kasama nina Jose Rizal at Marcelo del Pilar. Nang

matuklasan ng mga maykapangyarihan ang kanyang mga gawain, tumakas si Jaena patungo sa Hongkong at saka sa Espanya. Siya ay namatay noong Enero 20, 1896.

## Subukan Natin Ito

Mayroon ka bang kilalang bayaning Pilipino na isinilang o nagmula sa Visayas o Mindanao? Maaari kang magtanong sa iyong pamilya, mga kaibigan, o iba pang tao na maaaring tumulong upang makilala mo ang mga ito. Anu-ano ang kanilang mga nagawa? Isulat ang iyong mga kasagutan sa ibaba.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________


______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Maaari kang sumangguni sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 46 para sa mga halimbawang kasagutan na papatnubay sa iyo.

## Basahin Natin Ito



Ang Bayani ng Tirad Pass

Si Gregorio Del Pilar ay ipinanganak noong Nobyembre 14, 1875 sa San Jose, Bulacan. Noong siya ay bata pa, nakatanggap siya ng mga polyeto na isinulat nina Jose Rizal at Graciano Lopez Jaena. Buong kasabikan niya itong binasa at pagkatapos ay itinago sa ilalim ng kanyang damit sa baul. Madalas, siya ay namamahagi ng sipi ng mga polyetong ito sa kanyang mga pinagkakatiwalaang kaibigan.

Maging sa murang gulang, si Del Pilar ay nagpakita ng katapangan, katalinuhan, at pagkamakabayan. Ang kanyang guro ay isang pari na ang mga sermon ay laging laban sa mga Pilipino. Namimigay siya ng mga polyetong laban kina Rizal, Jaena, Plaridel, at iba pang makabayang Pilipino sa Espanya. Isang araw ng Linggo, nagprisinta si Del Pilar na mamahagi ng mga

polyetong nabanggit, sa labis na kagalakan ng kanyang guro. Sa kabila ng panganib na matuklasan at maparusahan, ang mga pahina ay pinalitan ni del Pilar ng mga polyetong isinulat ng mga Pilipinong nasa Espanya.

Lumawig pa ang kanyang pagmamahal sa bansa at siya ay nagsilbing pinamakatapang na heneral ni Aguinaldo. Si Del Pilar ay namatay sa digmaan ng Landas ng Tirad noong Disyembre 2, 1899. Kinuha ng mga Amerikano ang kanyang pistola, talaarawan at mga personal na papeles, botas, amerikana, pantalon, at mga alahas. Kinuha rin nila ang panyo ni Del Pilar kung saan nakaburda ang pangalan ng pinakamamahal niyang si Dolores, at isang laket na naglalaman ng mga hibla ng buhok ng babae. Ang matapang at batang heneral ay nagkamit ng pagmamahal at paggalang mula sa kanyang mga kababayan dahil sa kanyang kabayanihan.



## Subukan Natin Ito

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | I | N | A | K | A | M | A | T | A | P | A | N | G | N | A | H | E | N | E | R | A | L | B | O |
| K | A | R | T | I | L | Y | A | N | G | K | A | T | I | P | O | N | A | N | M | E | G | N | O | T |
| L | A | N | D | A | S | N | G | T | I | P | A | D | I | G | A | M | O | T | L | I | R | A | I | K |
| A | K | A | R | T | I | L | Y | A | N | G | K | A | T | I | P | U | N | A | N | O | A | U | D | A |
| S | T | P | E | M | I | L | I | O | A | G | U | I | N | A | L | D | O | Y | A | A | N | C | C | M |
| O | A | U | R | O | M | A | L | A | R | Y | O | J | U | N | I | X | L | O | N | G | I | S | O | L |
| L | N | L | A | N | D | A | S | F | R | E | Y | B | H | M | A | K | A | B | A | Y | A | N | A | M |
| I | D | B | T | I | R | A | D | P | A | S | S | U | M | A | K | E | G | A | N | O | N | I | U | A |
| D | A | U | R | L | Y | M | R | A | P | O | P | T | M | O | A | L | U | K | U | D | O | C | G | N |
| A | N | R | I | F | R | A | Y | B | O | T | O | D | E | I | L | O | V | A | O | E | L | Y | N | G |
| R | G | A | N | M | X | L | B | A | L | R | L | U | L | W | A | U | N | L | A | L | O | O | E | G |
| I | S | N | G | R | E | G | O | R | I | O | D | E | L | P | I | L | A | R | U | A | P | S | M | A |
| D | O | G | T | B | V | R | P | A | I | Z | E | O | I | C | I | O | L | Y | B | I | E | O | A | G |
| A | R | B | E | I | B | Y | A | N | T | A | T | O | A | V | A | M | D | A | O | L | Z | L | K | A |
| D | A | A | K | N | N | A | M | I | O | L | O | B | O | N | N | F | A | A | C | I | J | H | A | M |
| O | F | R | A | Y | B | U | T | A | K | N | G | K | A | T | I | P | U | N | A | N | A | N | B | O |
| K | O | I | T | I | P | A | D | K | A | L | A | Y | A | A | N | E | W | A | P | I | E | B | A | T |
| P | O | L | Y | E | T | A | G | R | E | G | O | R | I | O | D | E | L | P | I | L | N | R | G | A |
| P | O | L | A | N | D | A | S | N | G | T | I | R | A | D | H | E | R | O | E | S | A | I | O | M |

Subukang hanapin ang mga salitang ito sa palaisipan sa itaas. Maaari silang isinulat nang pababa o pahalang. Makikita ang isang halimbawa upang maging gabay mo.

1. Kartilya ng Katipunan
2. Kalayaan
3. pulbura ng baril
4. Emilio Aguinaldo
5. malarya
6. Utak ng Katipunan
7. La Solidaridad
8. manggagamot
9. Graciano Lopez Jaena
10. Fray Botod
11. Gregorio Del Pilar
12. Landas ng Tirad
13. pinakamatapang na heneral
14. polyeto
15. makabayan


Nakita mo bang lahat ang mga salita? Sumangguni sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.



## Magbalik-aral Tayo

Kumuha ng 5-pisong barya. Nakikita mo ba ang mukha ng bayaning nakalarawan sa barya? Sino siya? ______________________________

Kung ang sagot mo ay Heneral Emilio Aguinaldo, tama ka. Pag-aralan natin ang tungkol sa kanya sa maikling talata sa susunod na pahina. Mababasa mo rin ang tungkol sa isa pang matapang na bayani, si Heneral Antonio Luna.




Ang Unang Presidente ng Republika ng Pilipinas

Si Heneral Emilio Aguinaldo ay ipinanganak noong Marso 22, 1869 sa Kawit, Cavite. Siya ay nag-aral sa Unibersidad ng Santo Tomas at sa gulang na 27, isa na siyang alkalde ng Cavite Viejo at isang lokal na lider ng Katipunan. Siya ay isang matalinong kumander ng militar at ang kanyang mga tropa ay nagwagi laban sa mga Kastila sa maraming bahagi ng Cavite.

Noong Hunyo 12, 1898, iprinoklama niya ang unang Republika sa Asya, ang Republika ng Pilipinas, kung saan siya ang Pangulo. Namatay siya noong Pebrero 6, 1964 sa Veteran's Memorial Hospital sa lungsod ng Quezon. Siya ay 95 taong gulang.

Si Heneral Antonio Luna ay ipinanganak noong Oktubre 29, 1866 sa Binondo, Maynila. Siya ay nag-aral sa Ateneo de Manila at pagkatapos ay sa Unibersidad ng Santo Tomas. Ang kanyang kapatid na si Juan Luna ang nag-anyaya sa kanya sa Europa. Doon ay ipinagpatuloy niya ang karagdagang pag-aaral sa Unibersidad ng Barcelona at sa Unibersidad Central ng Madrid. Siya ay naging isang Doktor ng Parmasya noong 1890.



Ang Pinakadakilang Heneral ng Himagsikan

Si Antonio Luna ay nakikibahagi sa paniniwala ng *La Liga Filipina* na ang Pilipinas ay nararapat maging isang lalawigan ng Espanya upang matamasa ng mga Pilipino ang mga karapatan at pribelihiyo ng mga mamamayan ng Espanya. Siya ay taga-ambag sa *La Solidaridad* at isa sa mga propagandistang naglalayong magkaroon ng pampulitikang pagbabago sa Pilipinas. Nagsilbi siya bilang pinuno ng Operasyong Pandigma sa hukbo at napatay sa siyudad ng Cabanatuan noong Hunyo 5, 1899.

## Subukan Natin Ito

Narito ang ilang mahihirap na salitang nadaanan mo sa araling ito. Tingnan mo ang kanilang kahulugan sa *Talahuluganan* sa pp. 49–51.

1. makahulugan
2. dakila
3. paralitiko
4. kanlungan
5. kolera
6. malarya
7. kalubhaan
8. uyam
9. matalino

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Bago mo matapos pag-aralan ang araling ito, sagutan ang payak na pagsubok upang malaman kung gaano ang iyong natutunan. Punan ang mga patlang ng tamang sagot. Upang makatulong, maaari kang sumangguni sa mga nakalipas na aralin.

1. Si Melchora Aquino ay lalong kilala bilang si ______________.
2. Si Apolinario Mabini ay ______________ noong 1896.
3. Ang dakilang paralitiko ay namatay sa sakit na ______________ noong Mayo 13, 1903.
4. Si Emilio Jacinto ang namahala sa paggawa ng ______________ na ginamit laban sa mga Kastila.
5. Si Graciano Lopez Jaena ay naging isang manggagamot kahit na nais ng kanyang ina na siya ay maging isang ______________.
6. Si Jaena ang nagtatag ng ______________.
7. Si ______________ ay nagbasa ng mga polyetong isinulat ng mga propagandistang Pilipino kahit noong siya ay bata pa.
8. Si Gregorio Del Pilar ay naging bayani ng ______________.
9. Si Heneral Antonio Luna ay pinatay sa ______________.
10. Si ______________ ang nagproklama ng Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898.

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47.

Gaano ka kahusay? Kung tama lahat ang iyong sagot, binabati kita! Marami kang natutunan sa araling ito. Kung nakakuha ka ng 8 o 9 na puntos, mahusay! Kailangan mo lang magbalik-aral sa mga bagay na nakaligtaan mo.

Kung ang nakuha mo ay 7 puntos o mababa pa, kailangan mong balik-aralan ang buong aralin upang higit itong maunawaan.



## Tandaan Natin

Bukod kina Jose Rizal at Andres Bonifacio, mayroon pang ibang makabayang Pilipino na nagbigay ng mga dakilang kontribusyon para sa ating bansa. Ang ilan sa mga ito ay sina Melchora Aquino, Apolinario Mabini, Emilio Jacinto at marami pang iba. Isinakripisyo nila ang kanilang buhay at buong tapang na nakipaglaban upang makamit ang kalayaan at kasarinlan. Lagi nating alalahanin ang kanilang mga sakripisyo at panatilihing malapit sa ating mga puso ang kanilang mga alaala.



## Ibuod Natin

Ang mga bayaning gaya nina Jose Rizal, Andres Bonifacio, Melchora Aquino, at marami pang iba ay kinikilala at pinararangalan dahil sa kanilang mahahalagang kontribusyon sa ating bansa. Ang kalayaan at kasarinlan na tinatamasa natin ngayon ay bunga ng kanilang pakikipaglaban sa mga banyagang mapang-api.

Nararapat lamang na ating alalahanin at parangalan ang mga katangi-tangi at makabayang bayani ng bayan. Ang pinakamahalaga sa lahat, huwag nating sayangin ang mahalagang pamanang ibinigay nila sa atin—isang malaya at may kasarinlang Pilipinas.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Bago mo matapos pag-aralan ang modyul na ito, sagutan ang pagsubok sa ibaba upang malaman kung gaano na ang iyong natutunan.

A. Punan ang mga patlang ng mga tamang sagot.

1. Ang nagtatag ng *La Liga Filipina* ay si _______________, kasama ang ibang Pilipinong propagandista sa Espanya.
2. Ang kanyang dalawang nobela, ang __________________ at *El Filibusterismo* ay itinuring na atake laban sa simbahan at sa kolonyal na pamamahala ng mga Kastila.
3. Dahilan sa walang humpay niyang pagsisikap upang matulungan ang kanyang mga kababayan, si Rizal ay itinuring ng mga Kastilang opisyal bilang "pangunahing tagapagtatag at buhay na diwa ng __________________."
4. Si Rizal ay binaril noong Disyembre 30, 1896 sa __________________.
5. Ang Ama ng Himagsikang Pilipino ay si __________________.
6. Si Bonifacio ang nagtatag ng __________________.
7. Noong Agosto 23, 1896, ang mga Katipunero ay nagkita sa Pugadlawin kung saan pinunit nila ang kanilang __________________.
8. Isang pagkakaribalan ang namuo sa pagitan ng Supremo at __________________.
9. Ang Supremo ay pinatay kasama ng kanyang __________________ sa Bundok Nagpatong, malapit sa Bundok Buntis.
10. Si Melchora Aquino ay higit na kilala bilang __________________.
11. Siya ay tumulong sa mahihina at sugatang _____________.
12. Si Apolinario Mabini ay binansagang __________________.

13. Ang Utak ng Katipunan ay si __________________.

14. Siya ang nagtatag ng diyaryo ng Katipunan, ang __________________.

15. Si Graciano Lopez Jaena ang nagtatag ng peryodikong __________________.

16. Ang bayani ng Landas ng Tirad ay si __________________.

17. Siya ay nagsilbi bilang pinakamatapang na ______________ si Aguinaldo.

18. Ang pinakadakilang heneral ng himagsikan laban sa mga Kastila ay si __________________.

19. Ang unang pangulo ng Republika ng Pilipinas ay si __________________.

20. Ang unang republika sa Asya ay ang __________________.

B. Pumili ng dalawang (2) pambansang bayani at ipaliwanag kung bakit sila dapat hangaan at parangalan ng mga Pilipino. Sandaling talakayin ang kanilang mga ginawa. Isulat ang iyong sagot sa ibaba. (Total: 4 puntos)

Bayani 1: _________________________

Pangunahing nagawa/Bakit ko siya hinahangaan:
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

Bayani 2: _________________________

Pangunahing nagawa/Bakit ko siya hinahangaan:
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________
_______________________________________________________

Tapos ka na ba sa pagsagot? Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48.

Gaano ka kahusay? Kung tama lahat ang iyong sagot, binabati kita! Ibig sabihin lamang nito na marami kang natutunan sa modyul na ito.

Kung ang nakuha mong puntos ay 17 hanggang 19, mahusay! Kailangan mo lamang balikan ang mga bagay na hindi mo nakuha nang tama.

Subalit kung ang nakuha mong puntos ay 16 o mababa pa rito, kailangan mong balik-aralan ang buong modyul upang higit mo itong maunawaan.

# Batayan sa Pagwawasto


## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pahina 2)*

1. Jose Rizal
2. Melchora Aquino
3. Andres Bonifacio
4. Apolinario Mabini
5. Emilio Jacinto
6. Graciano Lopez Jaena
7. Gregorio del Pilar
8. Antonio Luna
9. Emilio Aguinaldo

## B. Aralin 1


*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 4–5)*

**1**




Si Rizal bilang sanggol

**3**





Si Rizal habang nagsusulat ng *Noli Me Tangere*

**4**





Ang pagsusulat ni Rizal ng *El Fiibusterismo*

**6**




Ang pagpatay kay Rizal

**2**



Si Rizal bilang isang 7-taong makata

**5**



Si Rizal habang nagsusulat ng *Mi Ultimo Adios*

*Subukan Natin Ito (pahina 6)*

Mga posibleng kasagutan:

♦ Ikaw ay magagalit at pahihintuin ang prayleng Kastila sa panghihiya sa iyong kababayan.

♦ Ikaw ay magagalit subalit walang anumang gagawin.

♦ Ikaw ay malulungkot.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 7)*

Mga posibleng kasagutan:

♦ Si Rizal ay matalino, artistiko, at napakamasigasig.

♦ Nag-aaral siyang mabuti at nagsanay upang umunlad ang kanyang kakayahan.

♦ Ang lahat ng ito ay naging dahilan kung kaya siya ay naging mahusay na mag-aaral.

♦ Mahal na mahal ni Rizal ang kanyang ina.

♦ Si Rizal ay maalaga at maalalahanin hinggil sa kanyang ina.

♦ Mahal din niya ang kanyang bansa.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 7–8)*

1. Si Rizal ay ipinanganak sa Calamba, Laguna.

2. Hindi. Si Rizal ay nagmula sa isang mayamang pamilya.

3. Si Rizal ay nagtungo sa Espanya sapagkat nababatid niya na upang magkaroon ng katuparan ang kanyang layunin para sa kanyang bansa, kailangan niyang mangibang-bansa upang magpatuloy ng pag-aaral.

4. Oo. Itinuring siya ng mga Kastila bilang kanilang kauri. Siya ay ganap na iginalang at hinangaan sa kanyang unibersidad.

*Subukan Natin Ito (pahina 9)*

a. 4 – Si Rizal habang nagsusulat ng *Noli Me Tangere*.

b. 3 – Ang *Noli Me Tangere* ay nalathala.

c. 2 – Si Rizal ay bumalik sa Pilipinas bilang isang lingguwista at maninistis sa mata.

d. 1 – Nabasa ni Gobernador Heneral Terrero ang nobela ni Rizal.

e. 5 – Ang Noli Me Tangere ay isinangguni sa Komisyon ng Sensura.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 9)*

Halimbawang sagot:

- Babalik ka pa rin sa Pilipinas kahit na alam mong malalagay sa panganib ang iyong buhay.
- Hindi ka babalik sa Pilipinas hanggang sa malaman mong ligtas nang umuwi rito.
- Hindi ka na babalik sa Pilipinas at sa Espanya ka na maninirahan.

*Subukan Natin Ito (pahina 11)*

| | | |
|---|---|---|
| makabayan | masipag | masigasig |
| matapang | matalino | |
| matulungin | marangal | |


*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 13–14)*

1. Jose Rizal
2. Calamba
3. magbasa
4. prayleng Kastila
5. Noli Me Tangere
6. filibustero/subersibo
7. laban sa mga pari
8. rebolusyon
9. Disyembre 30, 1896
10. bansa

## C. Aralin 2


*Pag-aralan at Suriin Natin Ito (pp. 16–17)*

**2**



Ikinasal sina Bonifacio at Gregoria

**6**



Ang pagpatay kay Bonifacio

**4**



Pinunit ng mga Katipunero ang kanilang sedula


**3**





Ang kasunduang nilagdaan sa dugo

5



Ang pakikipaglaban ng mga Katipunero sa mga Kastila

1



Si Bonifacio bilang sanggol

*Magbalik-aral Tayo (pahina 18)*

1. Si Andres Bonifacio ay ipinanganak noong Nobyembre 30, 1863.

2. Hindi. Siya ay mula sa isang maralitang pamilya.

3. Ang kanyang ama ay isang kargador at ang kanyang ina ay namasukan sa isang pagawaan ng sigarilyo.

4. Tumigil siya sa pag-aaral upang tustusan ang kanyang mga kapatid.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 20)*

Mga Posibleng Sagot:

- Ako ay sasapi pa rin sa Katipunan kahit na alam kong manganganib ang aking buhay. Sa ganitong paraan, makatutulong ako sa pagpapalaya sa ating bansa. Ito ay isang dakilang adhikaing karapat-dapat pagbuwisan ng buhay.

- Hindi ako sasali sa Katipunan. Mas mahalaga ang aking buhay at ang aking pamilya.

*Pag-isipan Natin Ito (pahina 23)*

Maraming alitan at dibisyon ang nangyayari sa ating lipunan sa ngayon. Ito ay katulad ng nangyari sa pagitan nina Bonifacio at Aguinaldo at maging sa pagitan ng dalawang konseho ng Katipunan. Ilang halimbawa ng ganitong alitan at dibisyon ay ang pag-aaway ng mga pulitiko hinggil sa kapangyarihan, mga magkaibigang naging magkaaway dahil sa salapi, magkakapatid na nag-aaway dahil sa mana, at marami pang iba.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 24–25)*

1. Andres Bonifacio
2. Nobyembre 30, 1863
3. 18 taong gulang
4. Matalino
5. La Liga Filipina
6. Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan o Katipunan
7. Cedula
8. Magdiwang
9. Tejeros
10. Kapatid

## D. Aralin 3

*Subukan Natin Ito (pahina 27)*

1. Melchora Aquino – Ina ng Himagsikang Pilipino
2. Apolinario Mabini – Dakilang Paralitiko
3. Emilio Jacinto – Utak ng Katipunan
4. Graciano Lopez Jaena – Tagapagtatag ng La Solidaridad
5. Gregorio del Pilar – Bayani ng labanan sa Landas ng Tirad
6. Antonio Luna – Pinakadakilang Heneral ng Himagsikan
7. Emilio Aguinaldo – Unang Pangulo ng Republika ng Pilipinas

*Subukan Natin Ito (pahina 29)*

Melchora Aquino

- Ina ng Katipunan
- Namatay noong Marso 2, 1919
- Tumulong sa mahihina at sugatang Katipunero
- Namatay sa gulang na 107

Apolinario Mabini

- Isinilang sa Talaga, Tanauan, Batangas
- Dakilang Paralitiko
- Sumapi sa La Liga Filipina noong 1892
- Nagsumikap laban sa kahirapan at pagkakasakit
- Pangulo ng Gabinete
- Namatay sa sakit na kolera

*Subukan Natin Ito (pahina 31)*

Mga halimbawang kasagutan

- Lapulapu — Siya ang matapang na puno ng lipi sa Cebu na nakipaglaban sa mga Kastila noong una silang dumating sa Pilipinas. Siya ang pumatay sa tanyag na manggagalugad, si Ferdinand Magellan.

- Teresa Magbanua — Siya ang unang babaeng heneral sa Visayas at nakaranas ng maraming pakikipaglaban sa mga Kastila.

- Simeon Gonzales — Siya ang pinuno ng militar sa Mindanao sa ilalim ni Aguinaldo noong panahon ng himagsikan. Siya ang namuno sa mga Surigaonon sa mga giyera laban sa Kastila.

*Subukan Natin Ito (pahina 32)*

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | I | N | A | K | A | M | A | T | A | P | A | N | G | N | A | H | E | N | E | R | A | L | B | O |
| K | A | R | T | I | L | Y | A | N | G | K | A | T | I | P | O | N | A | N | M | E | G | N | O | T |
| L | A | N | D | A | S | N | G | T | I | P | A | D | I | G | A | M | O | T | L | I | R | A | I | K |
| A | K | A | R | T | I | L | Y | A | N | G | K | A | T | I | P | U | N | A | N | O | A | U | D | A |
| S | T | P | E | M | I | L | I | O | A | G | U | I | N | A | L | D | O | Y | A | A | C | C | C | M |
| O | A | U | R | O | M | A | L | A | R | Y | O | J | U | N | I | X | L | O | N | G | I | S | O | L |
| L | N | L | A | N | D | A | S | F | R | E | Y | B | H | M | A | K | A | B | A | Y | A | N | A | M |
| I | D | B | T | I | R | A | D | P | A | S | S | U | M | A | K | E | G | A | N | O | N | I | U | A |
| D | A | U | R | L | Y | M | R | A | P | O | P | T | M | O | A | L | U | K | U | D | O | C | G | N |
| A | N | R | I | F | R | A | Y | B | O | T | O | D | E | I | L | O | V | A | O | E | L | Y | N | G |
| R | G | A | N | M | X | L | B | A | L | R | L | U | L | W | A | U | N | L | A | L | O | O | E | G |
| I | S | N | G | R | E | G | O | R | I | O | D | E | L | P | I | L | A | R | U | A | P | S | M | A |
| D | O | G | T | B | V | R | P | A | I | Z | E | O | I | C | I | O | L | Y | B | I | E | O | A | G |
| A | R | B | E | I | B | Y | A | N | T | A | T | O | A | V | A | M | D | A | O | L | Z | L | K | A |
| D | A | A | K | N | N | A | M | I | O | L | O | B | O | N | N | F | A | A | C | I | J | H | A | M |
| O | F | R | A | Y | B | U | T | A | K | N | G | K | A | T | I | P | U | N | A | N | A | N | B | O |
| K | O | I | T | I | P | A | D | K | A | L | A | Y | A | A | N | E | W | A | P | I | E | B | A | T |
| P | O | L | Y | E | T | A | G | R | E | G | O | R | I | O | D | E | L | P | I | L | N | R | G | A |
| P | O | L | A | N | D | A | S | N | G | T | I | R | A | D | H | E | R | O | E | S | A | I | O | M |

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 35)*

1. Tandang Sora
2. Paralisado
3. Kolera
4. Pulbura ng baril
5. Pari
6. La Solidaridad
7. Gregorio del Pilar
8. Landas ng Tirad
9. Siyudad ng Cabanatuan
10. Emilio Aguinaldo

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 37–38)*

A.
1. Jose Rizal
2. Noli Me Tangere
3. Insureksiyon
4. Bagumbayan/Luneta
5. Andres Bonifacio
6. Katipunan/KKK/Kataas-taasang Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan
7. Cedula
8. Emilio Aguinaldo
9. Kapatid
10. Tandang Sora
11. Katipunero
12. Dakilang Paralitiko
13. Emilio Jacinto
14. Kalayaan
15. La Solidaridad
16. Gregorio del Pilar
17. Heneral
18. Antonio Luna
19. Emilio Aguinaldo
20. Pilipinas

B. Ang mga kasagutan ay magkakaiba. Isang halimbawa ang nasa ibaba.

Bayani: Andres Bonifacio

Ako ay humahanga sa kanya sapagkat kahit na siya ay mahirap lamang, marami siyang nagawang mga dakilang bagay. Siya ang nagtatag ng Katipunan, ang rebolusyonaryong pangkat na lumaban sa mga mapang-aping Kastila. Hinahangaan ko rin siya sapagkat siya ay matalino, masipag, at responsable. Nang mamatay ang kanyang mga magulang, naghanapbuhay siya nang puspusan upang maitaguyod ang kanyang mga kapatid. Ang kanyang pagmamahal sa pamilya ay kahalintulad ng pagmamahal niya sa Pilipinas.

# Talahuluganan

**Alitan** Hidwaan o poot ng dalawang tao, kampo o partido

**Asasenasyon** Ang pagkitil ng buhay o pagpatay lalo na sa kadahilanang relihiyoso o pampulitika

**Consummatum est** Isang pariralang Latin na nangangahulugang "Natapos na"

**Dakila** Bunyi, maringal sa isipan, gawain o pagkilos

**Doktrina** Isang paniniwala, teoriya, o kabuuan ng mga ideyang itinuro at tinanggap ng isang partikular na pangkat o samahan

**Estibador** Taga-sunong, tagapasan, kargador, manggagawa sa pondohan

**Hambog** Pagyayabang o pagmamalaki ng sarili

**Hidwaan (Rift)** Pagkakaroon ng puwang, lamat, o sira sa pagiging magkaibigan

**Imbi** Maruming budhi, hindi matapat

**Insureksiyon** Isang gawi o pagkakataon ng pagrerebelde laban sa umiiral na pamahalaan

**Iskolastiko, mala-iskolar** Anumang may kaugnayan sa paaralan, mag-aaral, o edukasyon

**Kanlungan** Taguan o proteksiyon laban sa panganib, sakit, o dusa

**Katalinuhan** Ang kakayahang mag-isip lalo na kung ito ay lubos na pinaunlad

**Kolera** Isang mapanganib at nakahahawang sakit na inilalarawan ng labis na pagsusuka at disenterya

**Makabayan** Isang taong nagmamahal at naglilingkod sa kanyang bayan nang buong katapatan

**Mahalaga** Importante, natatangi, o makahulugan

**Malarya** Isang malubhang sakit na nagdudulot ng panginginig at lagnat na ikinakalat ng kagat ng lamok

**Mapang-api** Isang tao o pangkat na namamahala sa marahas at malupit na paraan

**Maninistis sa mata** Isang doktor na nagpakadalubhasa sa paggamot at pag-opera ng mga sakit sa mata

**Marahas** Masidhi at mabilis na pagkilos

**Marangal** Nagpapakita o nagpapakita ng dignidad o karangalan

**Marunong** Nagtataglay ng katalinuhan, kasanayan, at sentido kumon

**Masigasig** Isang taong nagpapakita ng matapat na pagkalinga at pagsisikap

**Matulungin** Nagbibigay ng tulong, tustos, o abuloy

**Nagpapakana** Nagbabalak, nagpaplano, karaniwang may masamang motibo

**Nasyonalismo** Pagmamahal sa sariling bansa

**Pagkakaribalan** Isang akto ng pag-aagawan o pagkakaribalan (ang karibal ay nangangahulugang kaagaw o kakumpetisyon sa isang bagay o posisyon)

**Pagpapatapon o destiyero** Ang sapilitang pagpapaalis sa isang tao mula sa sarili nitong bansa

**Pagpapawalang-bisa** Ang pagpapahayag sa publiko na ang isang legal na kasunduan ay hindi na umiiral o wala nang bisa

**Pagsakop** Ang pagtatayo ng isang kolonya sa isang sadyang bansa

**Pagtataksil sa bayan** Isang krimen ng pagsisikap o pagtulong na sirain o talunin ang pamahalaan ng bansa

**Paralitiko** Tinamaan o dumaranas ng paralisis (ang paralisis ay ang pagkawala ng kakayahang kumilos o makaramdam ng isang bahagi o buong parte ng katawan.)

**Polyetong laban sa Pari** Mga nakalimbag na piraso ng papel na isa-isang ipinamimigay. Naglalaman ito ng mga artikulong laban sa mga prayleng Kastila.

**Prayle** Isang kasapi ng Order ng Romano Katoliko

**Reporma** Pagbabago tungo sa kabutihan o pag-alis ng isang bagay na masama

**Sakim** Puno ng pagkamakasarili o hangaring makalamang sa kapwa

**Satirika o uyam** Isang pampanitikang akda na nagpapakita ng kahinaan ng isang tao o bagay

**Subersibo** Isang taong nagsisikap na sirain o pahinain ang pamahalaan o anumang nakatatag na sistemang politikal

# Mga Sanggunian


*Aguinaldo, Emilio*.<http://www.britannica.com/bcom/eb/article/9/0,5716,4149+1+4099,00.html>. January 6, 2001, date accessed.

An Online Guide About the Philippine History. *Graciano Lopez Jaena*. <http://www.geocities.com/CollegePark/Pool/1644/jaena.html>. January 4, 2001, date accessed.

An Online Guide About the Philippine History. *Antonio Luna*. <http://www.geocities.com/CollegePark/Pool/1644/luna.html>. January 5, 2001, date accessed.

Bigelow, Herbert S. 2000. *Jose Rizal, Filipino Patriot*. <http://boondocksnet.com/ailtextx/rizal_hsb.html>. November 6, 2000, date accessed.

*Dr. Jose Rizal*. <http://ourworld.compuserve.com/homepages/edessaramos/Rizal_hsb.html>.November 6, 2000, date accessed.

Gopez, Noel C., Jhoanne Paris R. Henson, and Vincent Michael Lavares. 1998. *Andres Bonifacio: The Father of the Philippine Revolution*. <http://members.tripod.com/masternoel/compdev/mainmenu.htm>. November 6, 2000, date accessed.

*Gregorio del Pilar*.<http://members.ncbi.com/_XMCM/philcen/delpilar.html>. January 5, 2001, date accessed.

*Gregorio del Pilar*.<http://www.philonrise.com/whoswho/heroes/delpilar.htm>. January 5, 2001, date accessed.

Hero of the Philippine Revolution. *Melchora Aquino*. <http://www.msc.edu.ph/centennial/sora.html>. January 4, 2001, date accessed.

*Jose Rizal*.<http://www.geocities.com/The_Tropics/8807/rizal.html>. November 6, date accessed.

MGC Communications Technologies, Inc. 1999. *Ang Mga Pilipino sa Ating Kasaysayan*. <http://www.msc.edu.ph/hero>. February 6, 2001, date accessed.

Rogers, Steven. Sentenaryo/Centennial, The Philippine Revolution and the Philippine American War. *Death of a Patriot: Gregorio del Pilar and the Battle of Tirad Pass*.<http://www.boondocksnet.com/sctexts/rogers9701.html>. January 5, 2000, date accessed.

The Philippine National Heroes. <http://park.org/Philippines/centennial/herolist.htm>. January 3, 2001,date accessed.

The Philippine Revolution. *The Tejeros Assembly of 1897*. <http://www.msc.edu.ph/centennial/tejeros.html>. January 3, 2001, date accessed.

The Philippines by Rochelle. *Philippine Heroes*.<http://members.aol.com/atinyrock/ >. December 23, 2000, date accessed.

Torres, Christina Evangelista. 1996. *The Martyrdom of Jose Rizal*. <http://www.upm.edu.ph/bagumbayan/dec96/martyrdom.html>. November 13, 2000, date accessed.

.